

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN.

DELTA VARIANT: ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Laging nagbabago ang mga virus. Kapag nangyayari ang malaking pagbabago, tinatawag ito ng mga siyentista na bagong variant. Ang ilang mga variant ay hindi gaanong nakakasama, habang ang iba ay mapanganib.



Ang Delta variant ay isa na inaalala ng mga siyentista dahil ito ay mas madaling makuha at makalat sa iba at maaaring magsanhi ng mas malubhang sakit.



Maraming tao sa lahat ng edad ay nagkakasakit mula sa Delta, kabilang ang mga nasa gulang, kabataan at bata.

NAGPOPOTEKTA ANG MGA BAKUNA LABAN SA DELTA VARIANT


Ang pinakamainam na paraan upang protektahan ang iyong sarili, iyong pamilya, at iyong komunidad mula sa Delta variant ay maging ganap na bakunado. Ang mga bakuna ay:

- ✓ **LIGTAS:** Ang bakuna ay napatunayang ligtas ng milyon-milyong mga tao, kabilang ang iba-ibang mga lahi, etnisidad at edad. Mas malamang na lubha kang magkakasakit mula sa COVID-19 o sa Delta variant nito kaysa mula sa bakuna.
- ✓ **MABISA** Pinoprotektahan ka ng bakuna sa pagkahawa ng COVID-19 at ng Delta variant nito. Pinipigilan din ng bakuna ang lubhang pagkakasakit at pagkamatay kung ikaw ay magkasakit.
- ✓ **LIBRE:** Ang mga bakuna ay libre para sa lahat, anupaman ang iyong katayuan sa imigrasyon o kung ikaw ay may ID o medikal na seguro.



Kung hindi ka bakunado, mas malamang na mahahawa ka ng Delta variant, lubhang magkakasakit, at ikakalat ito sa iba.

MAPIGILAN MO ANG MAPANGANIB NA MGA VARIANT SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPABAKUNA



Ang mga mas mapanganib na variant tulad ng Delta ay lumitaw dahil hindi sapat ang bakunadong mga tao. Maaari magkakaroon pa ng mga variant tulad ng Delta sa hinaharap. Ang pinakamainam na paraan upang protektahan ang iyong sarili, iyong pamilya, at iyong komunidad ay magpabakuna sa lalong madaling panahon. Tumulong na pigilan ang COVID-19.




Nangangailangan ng dalawang turok ang ilang mga bakuna. Makukuha mo ang lubos na proteksyon dalawang linggo matapos ang huling pagturok.

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT IYONG KOMUNIDAD MULA SA DELTA

Mas madaling kumalat ang Delta variant kaysa sa ibang mga variant ng COVID-19. Kung hindi ka ganap na bakunado, protektahan ang iyong sarili at iyong komunidad sa pamamagitan ng:



Pagsuot ng mask.



Pagpanatili ng layo mula sa iba.



Pag-iwas sa mga pagtitipon kasama ng maraming tao.



Pagdisimpekta ng madalas ng hinahawakang mga lugar.



Madalas na paghugas ng iyong mga kamay.

Maraming mga eksperto sa kalusugan ang nirerekomenda pa rin na gawin ng mga bakunadong tao ang mga pag-iingat na ito, lalo na kung sila ay kasama ng maraming tao o nagtitipon sa loob.



Maaari mong pigilan ang mapanganib na mga variant sa pamamagitan ng pagpapabakuna.

TUMULONG NA PIGILAN ANG